
**Kailangang Maintindihan Ng Bata Ang Kahulugan Ng Salita Bago Gamitin**

**Kung ano ang naiintindihan ng bata = "Receptive Language" o pagtanggap sa salita**



**Kung ano ng sinasabi o kinikilos ng bata para magpahayag ng gusto = "Expressive Language" o pagpapahayag ng salita, halimbawa: salita, senyas, kilos, paggamit ng larawan.**

---

Mga halimbawa sa pagkakaiba ng paghimok ng pagpahayag at pagtanggap ng salita.

Kapag sinabi mo "anong kulay ito?" paghimok sa **pagpapahayag** ng salita.
Kapag sinabi mo "pakitaan mo ako ng pula", paghimok sa **pangtanggap** ng salita.

| **Aktibidades** | **Pagpapahayag** | **Pagtanggap** |
|---|---|---|
| Oras ng kainan | "Gusto mo ng saging o mansanas?" | "Bigyan mo ako ng saging" |
| Oras ng pagligo | Ilagay ang paboritong laruan sa banyo na malayo sa kanya, maghintay hanggang sa hingin ito. | "Hugasan mo ang mukha mo", o "hugasan mo ang kamay mo". |
| Pagbibihis | Ibigay ang isang medyas at hintayin na hingin ang isa. | "Ipakita ang kamiseta mo". |
| Paglalaro | "Saan natutulog ang manyika?" | "Ilagay ang bola sa basket" |
| Libro | "Tingnan, ang aso ay …" (hintayin ang sagot ng bata) o "Ano ang ginagawa ng pusa?" | "Ituro ang aso" o "Nasaan ang pusa?" |

** Sa umpisa, gamitin ang mga aktibidades na ito sa mga **kilalang** bagay ng bata.